Nobena Sa Nuestro Padre Jesus Nazareno

Sa ngalan ng Ama, at Anak at ng Espiritu Santo. Amen.

Awit: Krus ng Ating Kaligtasan

Krus ng ating kaligtasan
Dapat nating ikarangal
Sagisag ng kalayaan
At ng muling pagkabuhay
ni Hesus na Poong mahal.

Namumuno:
Mga kapatid, tayo ay lumuhod sa harap
ng larawan ng Nuestro Padre Jesus Nazareno.
Sambahin natin siya na nakaluklok sa kanan
ng Amang nabubuhay magpakailanman.

Bayan:
Mga kapatid, pakinggan po ninyo
ang sinasabi ng ating Panginoon:

Pagbasa (OPTION 1)

Ang pagtitiis ng hirap
ay bahagi ng pagkatawag sa inyo ng Diyos,
sapagkat nang si Kristo ay magtiis para sa inyo,
binigyan niya kayo ng isang halimbawang dapat tularan.
Hindi siya gumawa ng anumang kasalanan,
o nagsinungaling kailanman.
Nang siya'y insultuhin, hindi siya gumanti.
Nang siya's pahirapan, hindi siya nagbanta;
sa halip, ipinaubaya niya ang lahat
sa Diyos na makatarungan kung humatol.

Sa kanyang pagkamatay sa krus,
pinasan niya ang bigat ng ating mga kasalanan
upang tayo ay mamatay na sa kasalanan
at mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos.
Kayo ay pinagaling na
sa pamamagitan ng kanyang mga sugat.
Sapagkat kayo ay tulad ng mga tupang naliligaw,
ngunit ngayon kayo ay nanumbalik na
upang sumunod sa Pastol
at Tagapangalaga ng inyong kaluluwa.
(1 Pedro 1:21-25)

Pagbasa (OPTION 2)

Ang sinumang nagnanais sumunod sa Akin,
ay kinakailangang itakwil niya
ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus
at sumunod sa akin.

Ang naghahangad na maligtas ng kanyang buhay
ay siyang mawawalan nito;
ngunit ang mawalan ng kanyang buhay
alang-alang sa Akin ay siyang magkakamit noon.

Sapagkat , ano ba ang mapapala ng isang tao,
makamtan man niya ang buong daigdig

ngunit mapahamak naman ang kanyang sarili?
Ano ba ang maibabayad ng isang tao
para mabawi niya ang kanyang buhay?
Sapagkat darating ang Anak ng Tao

na kasama ang kanyang mga anghel
at taglay ang dakilang kapangyarihan ng kanyang Ama.
Sa panahong iyon ay gagantimpalaan niya ang bawat tao
ayon sa ginawa nito. (Mateo 16:24-27)

Pagbasa (OPTION 3)

Totoo ang kasabihang ito:
"Kung tayo ay namatay na kasama ni Hesukristo,
mabubuhay din tayong kasama niya.
Kung tayo ay nagtiis ng hirap sa mundong ito,
maghahari din tayong kapiling niya.

Kapag siya ay ating ikinahiya,
ikakahiya rin niya tayo.
Kung tayo man ay hindi tapat,
siya ay mananatiling tapat pa rin
sapagkat hindi niya maaaring itakwil
ang kaniyang sarili.
(2 Timoteo 1:11-13)

Namumuno:
Jesus Nazareno,
Aming Panginoon at Diyos,
karapat-dapat Kang tumanggap
ng papuri at pasasalamat,
parangal at paggalang,
kadakilaan at kapangyarihan
magpakailanman. Amen.

Bayan:
Ikaw ang tanging Anak ng Diyos!
Naging anak Ka rin ni Mariang Birheng kalinis-linisan.
Bigay Ka ni Maria sa amin
bilang Tagapagligtas at Kapatid.

Binigay mo si Maria sa amin bilang Ina namin at pag-asa.
Pinuno Mo siya ng grasya.
Punuin Mo rin kami ng grasya ng Espiritu Santo:
pag-ibig, kagalakan, kapayapaan,
pagtitiyaga, kagandahang-loob,
kabutihan, katapatan, kaamuan,
at pagpipigil sa sarili. Amen.

Namumuno:
Jesus Nazareno,
aming Panginoon at Diyos,
karapat-dapat Kang tumanggap
ng papuri at pasasalamat,
parangal at paggalang,
kadakilaan at kapangyarihan
magpakailanman. Amen.

Bayan:
Inilalarawan Mo sa amin ang mukha ng Diyos na di nakikita:
ang Diyos na puspos ng pag-ibig at lipos ng habag.
Katulad Mo kami sa lahat ng bagay, liban sa kasalanan.
Sa binyag kami ay ginawa Mong mga anak ng Diyos na
banal. Sa aming pamumuhay araw-araw
maipakita nawa namin
ang nakalulugod sa Ama namin. Amen.

Namumuno:
Jesus Nazareno,
Aming Panginoon at Diyos
Karapat-dapat Kang tumanggap
ng papuri at pasasalamat,
parangal at paggalang,
kadakilaan at kapangyarihan
magpakailanman. Amen.

Bayan:
Lubos Mong naunawaan at nadama
Kung gaano kasama ang kasalanan
ng bawat tao sa nakaraan, sa kasalukuyan
at hanggang sa katapusan ng panahon.

Sinunod Mo ang kalooban ng Ama:
na Iyong tiisin ang maraming hirap at kamatayan sa krus
para tubusin ang mga tao
mula sa bawat lipi, wika, bayan, at bansa
at gawin silang mga saserdote
para maglingkod sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Kami nawa ay makasama Mo
sa Iyong patuloy na pagtitiis ng kahirapan
para sa kaligtasan ng sanlibutan. Amen.

Namumuno:
Jesus Nazareno,
aming Panginoon at Diyos,
karapat-dapat Kang tumanggap
ng papuri at pasasalamat,
parangal at paggalang,
kadakilaan at kapangyarihan
magpakailanman. Amen.

Bayan:
Sapagkat ikaw ay mabuti.
Ang pag-ibig Mo'y napakatatag at mananatili,
Hindi kukupas, walang katapusan, hindi magwawakas. Amen.

Unang Biyernes

Jesus Nazareno, sa mga katolikong malayo sa simbahan.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga madalang manalangin.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga hinahatulang mamatay.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga labis na pinahihirapan.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga di-marunong magtiis.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga sobra na ang paghihirap.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga mag-asawa sa hirap at dusa.

Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga ina ng mga suwail.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga yumayaong mag-isa.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga ayaw manalig sa Iyo.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga may anak na magpapari.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga namamanata sa Diyos.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga nagbabaon ng kasalanan.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga bagong lingkod ng Diyos.
Maawa ka, Panginoon.

Ikalawang Biyernes

Jesus Nazareno, sa mga bayang walang misa.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga may mabigat na problema.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga di-kayang magtrabaho.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga katulong na dustang-dusta.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga hirap sa paghahanap-buhay.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga di nakararanas ng pahinga.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga nag-aalaga ng matatanda.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga mag-inang taga-kalye.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga may sakit na nagtatrabaho.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga nagsasamang di pa kasal.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga nag-aampon ng anak ng iba.
Maawa ka, Panginoon.

Jesus Nazareno, sa mga namatay sa tabi ng ina.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga naglilibing ng kaibigan.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga nagsisikap magbagong-buhay.
Maawa ka, Panginoon.

Ikatlong Biyernes

Jesus Nazareno, sa mga paring di na makapagmisa.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga madaling matukso.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga inosenteng nakakulong.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga nilalait ng mass media.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga nagpapadala sa kapahamakan.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga di makaiwas sa mga bisyo.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga ayaw magpasan ng Krus.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga maraming alagang anak.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga nataningan na ang buhay.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, may sakit na nangungumpisal.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga di umiibig kay Inang Maria.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga wala nang anak.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga kaluluwa sa Purgatoryo.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga di makasunod sa iyo.
Maawa ka, Panginoon.

Ikaapat at Ikalimang Biyernes

Jesus Nazareno, sa mga katolikong di makapagsimba.

Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga nagpapadasal at nagpapamisa.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga hukom ng mga maralita.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga pulis at gwardiyang maaasahan.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga nag-iisip pumatay ng bata.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga pumapatay ng kagubatan.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga mag-anak na sidewalk-vendor.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga anak ng mga OFW at marinero.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga gutom, uhaw, at hubad.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga taong mapaghiganti.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga balo at mga ulila.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga sakim at makasarili.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga naglilibing ng minamahal.
Maawa ka, Panginoon.
Jesus Nazareno, sa mga bagong binyagang katoliko.
Maawa ka, Panginoon.

Namumuno:
Ama naming makapangyarihan,
niloob Mong akuin ng iyong Anak
ang krus at kamatayan
upang ang sangkatauhan ay matubos at mabuhay.
Ang pag-ako namin
Sa krus at kamatayan dito sa lupa
ayon sa diwa ng pagsunod sa Iyong loob
na ginanap ng Iyong Anak
ay magpagindapat nawang aming kamtin
ang lubos na katubusan
at pagkabuhay sa iyong piling

sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan. Amen.

Awit: Nuestro Padre Jesus Nazareno.

Nuestro Padres Jesus Nazareno,
sinasamba Ka namin.
Pinipintuho Ka namin.
Aral Mo'y aming buhay at kaligtasan.

Nuestro Padre Jesus Nazareno,
iligtas Mo kami sa kasalanan.
Ang krus Mong kinamatayan ay
sagisag ng aming Kaligtasan.

Nuestro Padre Jesus Nazareno,
dinarangal Ka namin!
Nuestro Padre Jesus Nazareno,
nilul'walhati Ka namin!

Sa ngalan ng Ama, at Anak at Espiritu Santo. Amen.